



Ang mga stormwater drain markers ay nagpapaalala sa atin na tayo ay bahagin ng ating kapaligiran.

# Mga Karinderya at Serbisyong Pagkain

Pangalagaan ang Yamang-Tubig sa pamamagitan ng pagpigil ng anumang kontaminasyon

## Iwasan ang magtapon

Kailangang linisin ang lahat ng salubsob at pigilan ang pagdaloy nito sa stormwater drainage system

Upang mapigilan ang pagtatapon:

- Ilagay sa seguradong lugar ang mga basurahang pinagtapunan ng grasa upang maiwasan sa mga paninira.
- Palaging gumamit ng tuyong pamamaraan ng paglilinis gaya ng pagpupunas, basahan at pagwawalis.
- Huwag bombahin ng tubig ang mga salubsob papunta ng kanal.
- Gumawa ng spill response plan at magkaroon ng spill response kit na may mga materyal na sumisipsip ng tubig o kaya nararapat gamitin sa grasa at iba pang klase ng dumi.
- Sanayin ang mga empleyado na sundin ang spill response plan.

Sakaling magkaroon ng aksidenteng pagkatapon ng kemikal sa kapaligiran, kaagad tumawag sa **Provincial Emergency Program (PEP)** sa **1.800.663.3456**. Sakaling ang kemikal na ito ay madaling nasusunog, nakakalason, o kaya mapanganib, tumawag kaagad sa **Surrey Fire Department** sa **911**.

Ang sinumang may kagagawan ng pagkakalat at kontaminasyon sa stormwater drainage system ay maaaring papanagutin sa environmental legislation:

- Federal Fisheries Act
- BC Hazardous Waste Regulation
- BC Environmental Management Act
- Surrey By-law No. 16610

## Para sa karagdagang kaalaman

RCBC Recycling Hotline
**604.732.9253**

Restaurants & Food Services Association
**1.877.942.2732**

City of Surrey
Plumbing Section
**604.591.4245**

City of Surrey
Drainage & Environment Section
**604.591.4321**

Fraser Health Authority
**604.587.7610**

Kapag may nakitang natapon o itinapon na kemikal sa mga palagusan, maaaring tumawag sa City of Surrey's Engineering Department at **604.590.7726**, pagkaraan ng 4:30pm sa **604.591.4431**.

www.surrey.ca

CITY OF SURREY





## Mga Karinderya at Serbisyong Pagkain

Kadalasan ang pangangasiwa ng karinderya at serbisyong pagkain ang sanhi ng polusyon. Subalit, ang maling pagtatapon ng mga solusyon at kemikal na ginagamit na panglinis, hindi magandang pag-iimbak ng mga ito, at dumi sa paglilinis ng kotse ay magdudulot ng kontaminasyon sa ating yamang-tubig at pag-apaw ng mga kanal. Ang paglilinis ng cooking vent filters at pagtapon ng mga maruruming tubig na may grasa, langis, sebo, kemikal at latak sa mga stormwater drains na kung saan dadaloy ang mga ito papuntang stormwater drainage system. Ang mga pinaglalagyan ng mga grasa, langis, sebo at mga basurahan ay madalas nakatambad sa ulan na kung saan ang mga tagos o katas ng mga ito ay napupunta sa parking storm water drain.

Mahalagang iwasan ang pagtagos o pagtapon ng mga grasa, langis at sebo sa stormwater drainage. Ang stormwater drainage ay konektado sa mga nalalapit na mga sapa, ilog at batis. Ang anumang kontaminadong tubig ay nakakalason sa mga isda na namumuhay sa mga daluyang- tubig at may masamang maidulot sa ating kapaligiran. Mayroong mahigit 1500 km na sapa at daluyang-tubig ang Surrey. Ang mga sapang ito ay may mga mahalagang daanang-tubig at tirahan ng mga isda gaya ng salmon, trout, at iba pang hayop na nabubuhay sa tubig. Ang mga grasa, langis at sebo ay maaaring bumalot sa mga hasang ng isda, makapagpigil ng pagpasok ng oksiheno sa tubig, makakabara sa mga kanal at may kasamang mga kemikal na nakalalason sa mga hayop na nasa tubig.

## Mga Pinakamahusay na pamamaraan

Iwasang mapunta ang mga dumi at polusyon sa stormwater drainage system at dadaloy ang mga ito sa sapa, ilog at batis. Kasanayang sundin ang mga sumusunod:

- Ang tubig na ginamit sa paghuhugas, mga solusyon, taba at sebo ay dapat ilagay sa tamang paglalagyan at dalhin sa mga aprobadong pagtatapunan nito.
- Itapon ang tubig na ginamit sa pag “mop” ng sahig sa mop sink, kubeta o kaya sa mga kanal na mayroong grease trap o oil interceptor papunta ng sanitary sewerage. Huwag itapon ang duming tubig sa labas at kalsada.
- Hugasan ang mga kagamitang panluto na may langis, taba at sebo sa loob ng pasilidad na mayroon grease trap o oil interceptor.
- Kapag gumamit ng garbage compactors, ang katas ng basura ay hindi dapat mapunta sa stormwater drainage system.
- Lahat ng solusyon o kemikal na ginagamit na panghugas, panglinis o pang-alis ng amoy ay ilagay sa isang ligtas at seguradong lugar na kung saan kapagka natapon ay hindi mapunta sa stormwater drainage system.
- Lahat ng lumang solusyon o kemikal na ginagamit na panghugas, panglinis o pang-alis ng amoy ay kinakailangan ng espesyal na pamamaraan ng pagtatapon. Sundin ang nakalagay sa label ng gumagawang kompanya kung papaano ang mga ito lilinisin at itatapon. Tumawag sa RCBC Recycling Hotline at alamin ang pinakamalapit na lugar kung saan maaaring itapon ang hindi na gagamiting mga produkto.
- Panatilihing hindi barado ang linya ng sewer collection systems sa pamamagitan ng palagiang paglilinis ng mga traps. Kapag barado ang sewer ito ay magdulot ng pag-apaw papunta ng stormwater drains.

### Pagtapon ng Grasa, Langis at Sebo

- HUWAG magtapon ng grasa, langis at sebo sa lababo, floor drains, stormwater drain o dumpster. Iligpit ang grasa, langis at sebo at ilagay sa tamang paglalagyan o kaya ay magpakabit ng grease interceptor
- Huwag punuin ang pinaglagyan ng grasa at langis.
- Ang mga pinaglagyan ng grasa, langis at sebo ay kailangang may takip at nakalagay sa mga imbakan na kung saan maiwasan ang magtapon sa stormwater drainage system.

